

Kung Paano Natutukoy ang mga Kulay

Iniuulat ng Dashboard ng mga Paaralan sa California (Dashboard) kung paano gumaganap ang mga distrito, paaralan, at mga grupo ng estudyante batay sa iba't ibang pambansa at lokal na sukatan na bumubuo sa sistema ng pananagutan ng California. Ginagamit ang mga resulta upang matukoy ang mga kalakasan at kahinaan, at upang matiyak na natutugunan ang pangangailangan ng lahat ng estudyante.

Paano ipinapakita ng Dashboard ang pagganap?

Nakabatay ang pagganap sa dalawang salik:

- Datos para sa kasalukuyang taon ng sukatan (Status)
- Pagkakaiba sa pagitan ng datos ng kasalukuyang taon at ng nakaraang taon (Pagbabago)

Ipinapakita ang mga antas ng datos para sa kasalukuyang taon sa kaliwang hanay, habang ang mga antas para sa pagbabago sa pagitan ng kasalukuyang taon at nakaraang taon ay nasa itaas na hanay ng talahanayang five-by-five. Ang Antas ng Pagganap, o kulay, ay tinutukoy batay sa punto kung saan nagtatagpo ang dalawang antas na ito. Ang mga kulay ay mula pula, na kumakatawan sa pinakamababang Antas ng Pagganap, hanggang asul, na kumakatawan sa pinakamataas na Antas ng Pagganap. Isinasagawa ang mga kalkulasyon ng pagganap para sa bawat sukatan ng estado at pinagtatagpo sa isang talahanayang five-by-five. Nagkakaiba-iba ang ayos ng talahanayan at pagkakalagay ng mga kulay depende sa bawat sukatan.

Antas	Malaking Pagbaba	Bumaba	Nananatili	Tumaas	Malaking Pagtaas
Napakataas	Berde	Berde	Asul	Asul	Asul
Mataas	Berde	Berde	Berde	Berde	Asul
Katamtaman	Dilaw	Dilaw	Dilaw	Berde	Berde
Mababa	Kahel	Kahel	Kahel	Dilaw	Dilaw
Napakababa	Pula	Pula	Pula	Kahel	Kahel



Pula



Kahel



Dilaw



Berde



Asul

Pinakamababang pagganap

Pinakamataas na pagganap

Sa halimbawa ng talahanayang five-by-five sa itaas, ang datos ng paaralan para sa kasalukuyang taon ay nasa antas na "Mataas." Nanatili ito sa antas na ito, na nangangahulugang walang pagtaas o pagbaba sa resulta mula sa nakaraang taon. Nagtagpo ang "Mataas" at "Nanatili," kaya't ang kabuuang Antas ng Pagganap ay berde. Ipinapakita sa Dashboard ang datos para sa kasalukuyang taon, ang pagkakaiba sa pagitan ng datos ng kasalukuyang taon at nakaraang taon, at ang mga Antas ng Pagganap para sa lahat ng distrito, paaralan, at mga grupo ng estudyante (kabilang ang mga grupo batay sa lahi/etnisidad, mga estudyanteng nasa kahirapan, nag-aaral ng English, matagal nang nag-aaral ng English, mga walang tirahan, mga kabataang nasa foster care, at mga estudyanteng may kapansanan).

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [webpage ng Dashboard at Sistema ng Suporta ng Paaralan sa California ng Kagawaran ng Edukasyon ng California](#).

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.



Hulyo 2025